Espesyal na Ulat:




# UHAW-SA-DUGO ANG PASISTANG REHIMENG US-MARCOS

ANG Bayan

Ulat sa Karapatang-tao

(Disyembre 10, 2025–Hunyo 30, 2026)

# NILALAMAN

**Pambungad** . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 3

**Patakaran ng panunupil** . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 4

- Mga paglabag sa karapatang-tao
- Pagpaslang, bigong pagpaslang at tortyur
- Negros 19 masaker
- Masaker sa mga Moro
- Pagpatay sa isang pamilya sa Zamboanga City
- Pagpatay sa mga kabataang Mangyan
- Namatay sa walang patumanggang pamamaril
- Pagpatay sa sibilyang magsasaka
- Pagpatay sa mga hors de combat

**Pag-aresto, pagdukot,**
**at pagbabanta, panggigipit at intimidasyon** . . . . . . . . . . . . . . . . . . 16

- Pag-aresto sa mga nagbarikada kontra mina
- Pag-aresto sa mga magsasakang nagkampuhan
- Atake sa kabuhayan at tirahan
- Pag-aresto sa manggagawang-bukid
- Ang kaso ng Cordillera 8
- Pag-aresto sa kabataang aktibista
- Pag-aresto sa matatanda
- Gamit ang batas kontra-terorismo
- Kalagayan ng mga bilanggong pulitikal

**Lagim ng militar sa mga komunidad** . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 23

- Kalupiang militar sa Northern Samar
- Pinsala ng US *war games*

**Mga pakikibaka at paglaban** . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 28

# Pambungad

Tigmak sa dugo ang nagdaang anim na buwan sa ilalim ng rehimeng US-Marcos. Walang pakundangan ang  malalagim na masaker, pagpatay, pag-aresto at samutsaring paglabag sa karapatang-tao ng Armed Forces of the Philippines (AFP), Philippine National Police (PNP) at iba pang armadong pwersa ng rehimeng Marcos sa lumalabang mamamayan. Pinaigting nito ang kampanya ng panunupil sa gitna ng umiigting na krisis sa ekonomya sa bansa at  sa daigdig. Ang pagpapatindi ng pasistang paniniil at pandarahas ng rehimeng Marcos ay itinutulak ng among imperyalistang US at pagsuporta nito sa AFP, sa layuning supilin ang lahat ng kumukontra sa panghihimasok militar at gerang agresyon nito sa iba't ibang panig ng mundo.

Habang nilulubog sa kumunoy ng kahirapan, pinagdurusa sa gutom at inaagawan ng katiting na lamang na kabuhayan, kabi-kabila ang pasistang atake ng rehimen sa mga Pilipino. Sistematiko nitong ginamit ang pasistang makinarya ng estado para magpatupad ng mapanupil na mga patakaran at hakbang. Pinatay ang masang magsasakang lumalaban para sa lupa, binuwag ang unyon ng mga manggagawa, dinemolis at pinalayas ang mga maralitang-lunsod, inagawan ng kabuhayan ang karaniwang Pilipino, at binusalan ang kabataan at iba pang tumindig para sa demokratikong karapatan.

Ang kambal na atake sa kabuhayan at karapatang-tao ng masang Pilipino ay sa layuning bigyang-laya ang pang-aapi at pagsasamantala ng dayuhang monopolyong kapitalista, malalaking burgesyang kumprador, panginoong maylupa at mga burukratang kapitalista. Kaugnay nito, hibang na layunin ng rehimen na puksain ang makabayan at demokratikong hangarin at pakikibaka ng sambayanang Pilipino, at wakasan ang kanilang rebolusyonaryong paglaban.

Para ilarawan ang sidhi at lawak ng kalupitang ito ng rehimen, at paalingawngawin ang sigaw ng sambayanan para sa hustisya, inilalabas ng Ang Bayan (AB) ang ulat na ito hinggil sa kaliwa't kanang mga pag-abuso at pagyurak ng mga armadong galamay ni Marcos sa mga karapatang-tao sa nagdaang halos pitong buwan (Disyembre 10, 2025–


Hunyo 30, 2026). Kinasasangkutan ito ng pasistang tauhan ng AFP, PNP, mga paramilitar at iba pang armadong ahente ng reaksyunaryong estado. Halaw ang ulat na ito sa mga impormasyong binalita, tinipon at sinuri ng AB.

Dahil sa higit pang pinatinding panunupil na nagbunga ng kahirapan sa pagpapadala ng mga ulat, maraming kaso sa kanayunan ang hindi naitala. Ginamit ng AB sa ulat na ito ang internasyunal na pamantayan sa pagtaya ng bilang ng mga biktima ng ebakwasyon at militarisasyon, at sa bilang ng mga batang apektado.

Hindi saklaw sa kasalukuyang ulat na ito ang maraming paglabag sa karapatang-tao ng mamamayang Moro na karaniwang hindi naisisiwalat sa publiko. Hindi rin saklaw ng ulat ang mga ekstrahudisyal na pamamaslang sa ilalim ng huwad na gera kontra-droga na sinimulan ng rehimeng Duterte at ipinagpapatuloy ng rehimeng Marcos.

## Patakaran ng panunupil

Isang taon na ang lumipas nang sinimulang ipatupad ng rehimeng Marcos ang National Action Plan for Unity, Peace, and Development (NAP-UPD) 2025-2028 noong Mayo 2025. Ito ang naging balangkas ng pinatinding pampulitikang panunupil laban sa mamamayang Pilipino.



Ang NAP-UPD ay upisyal na inaprubahan sa pamamagitan ng Memorandum Circular No. 83, series 2025 na inilabas ng Office of the President. Iniatas ng memorandum sa lahat ng ahensya ng gubyerno na ipatupad ang plano bilang bahagi ng "whole-of-nation" at "whole-of-society" approach sa "paglutas ng mga suliraning dulot ng rebolusyonaryong kilusan." Ibinatay ang NAP-UPD sa National Security Policy 2023-2028 at Philippine Development Plan 2023-2028.

Tinagurian itong “estratehikong blueprint” o gabay upang puksain ang Partido Komunista ng Pilipinas, ang Bagong Hukbong Bayan at National Democratic Front of the Philippines sa 2028. Ang bagong patakaran ay pangunahing ipatutupad ng National Task Force-Elcac mahigit pitong taon na mula nang binuo ito ng rehimeng Duterte.

Alinsunod sa patakarang ito, bweladong ipinatutupad ng AFP at PNP ang maruming gera laban sa mamamayan sa kalunsuran at kanayunan. Sa balangkas nito, kinakasangkapan ni Marcos ang kambal na mga batas kontra-terorismo na Anti-Terrorism Law at Terrorism Financing Prevention and Suppression Act. Ginagamit ang mga ito para gipitin at patahimikin ang mga kritiko sa kanyang rehimen, at maging ang ordinaryong mamamayan. Tinatarget ng rehimen ang binansagan nitong “mga ligal na prente ng CPP-NPA-NDFP” upang “ihinto ang rekrutment, putulin ang suportang pampinansya at labanan ang propaganda.” Malawakang niyuyurakan nito ang karapatan sa pag-oorganisa ng mga sektor.

Nananatili ang kalakhan ng pwersa ng AFP sa kanayunan at mga larangang gerilya sa kabila nang naunang mga deklarasyon ni Marcos na "wala nang grupong gerilya" at deklarasyong Stable Internal Peace and Security (SIPS) sa mga rehiyon. Paulit-ulit ang pagtatambol ng rehimen na wala na ang rebolusyonaryong kilusan pero libu-libong pwersang militar, pulis at paramilitar pa rin ang pinakikilos sa walang-habas na kampanya ng panunupil sa tabing ng kontra-insurhensya.

Sa kanayunan, patuloy na ipinaiilalim sa militarisasyon ang mga komunidad na sinasaklaw ng mga *focused and sustained military operation* (FSMO) sa anyo ng okupasyong militar o ala-batas militar na kontrol. Bahagi nito ang pagpapailalim sa mga komunidad sa mga operasyong Retooled Community Support Program (RCSP) at Mobile Community Support Sustainment Team. Sa ilang mga erya, direktang lumalahok ang mga tropang Amerikano sa mga operasyong kontra-insurhensya.

Sa mga operasyon nito, mga magsasakang sibilyan o hindi armado ang pangunahing tinatarget ng karahasang militar at panunupil. Kasabay nito ang walang pakundangang *aerial bombing*, istraping at panganganyon sa mga bukid at bundok na nagsasapeligro sa buhay ng mga sibilyan at sumisira sa kalikasan.

Bwelado ang pagpapatupad ng NTF-Elcac sa programang "balik-loob," "lokalisadong usapang pangkapayapaan" at panlalansi gamit ang pekeng programang amnestiya sa kanayunan. Karugtong ito ng kampanya ng intimidasyon, paniniktik, pwersahang "pagpapasurender" sa mga sibilyan at pangungurakot sa pondo ng bayan.

Walang pakundangan ang paglabag ng rehimeng Marcos sa mga alituntunin sa digma, sa anyo ng sadyang pagpaslang sa mga sugatang mandirigma, pagpatay sa mga sibilyan sa mga pekeng engkwentro at pagpapahirap sa buu-buong komunidad kasabay ng mga operasyong pangkombat ng AFP.

**MGA PAGLABAG SA KARAPATANG-TAO**

(DISYEMBRE 10, 2025 – HUNYO 30, 2026)

| 27,486 | 416 |
|---|---|
| BILANG NG BIKTIMA | BILANG NG KASO |

| 52 | 15 | 27 | 15 | 130 |
|---|---|---|---|---|
| PAGPASLANG | PANANAKIT | PAGDUKOT | TORTYUR | PAMIMILIT |

| 28 | 71 | 2,181 | 2,026 |
|---|---|---|---|
| BIGONG PAGPASLANG | PAG-ARESTO AT DETENSYON | SAPILITANG PAGBABAKWIT AT DISLOKASYON | PAGBABANTA, PANGGIGIPIT, INTIMIDASYON |


## Mga paglabag sa karapatang-tao

Sa talaan ng Ang Bayan, 27,486 ang naging biktima ng mga paglabag sa karapatang-tao ng rehimeng US-Marcos mula Disyembre 10, 2025 hanggang Hunyo 30 ngayong taon. Naitala ng AB ang 416 kaso ng mga paglabag sa buong bansa.

Sa abereyds, hindi bababa sa walo ang biktima ng pampulitikang pamamaslang kada buwan. Dagdag dito, mayroong apat na biktima ng pag-

dukot at dalawang biktima ng tortyur kada buwan. Sa nagdaang taon, 28 ang biktima ng bigong pagpaslang ng mga pwersa ng estado.

Katulad sa nagdaang mga ulat, pinakamaraming biktima ang naitala sa hanay ng magsasaka (7,905) at maralitang-lungsod (19,502). Kabilang sa mga biktima ang mga bata (23,306). Pinakarami ang naitalang kaso ng paglabag sa karapatang-tao sa Negros Island (147), sinundan ng Eastern Visayas (65) at Southern Tagalog (53). Sa mga prubinsya, nanguna sa listahan ang Negros Occidental (91), sinundan ng Negros Oriental (56) at Northern Samar (35).



Sa higit apat na taon ng rehimeng Marcos sa poder, naitala ng AB ang 4,163 kabuuang bilang ng mga kaso kung saan hindi bababa sa 775,082 ang bilang ng mga biktima. Sa tala na ito, aabot sa 530 kada araw ang mga biktima ng paglabag sa karapatang-tao ng rehimeng Marcos.

## Mga paglabag sa karapatang-tao ng rehimeng US-Marcos

(Hunyo 30, 2022 – Hunyo 30, 2026)

Bilang ng mga biktima:

**775,082**


Bilang ng mga kaso:

**4,163**

| Uri ng paglabag | Bilang |
| --- | --- |
| Pagpaslang | 324 |
| Pagdukot | 294 |
| Pamimilit | 2,494 |
| Bigong pagpaslang | 118 |
| Pag-aresto at detensyon | 932 |
| Sapilitang pagbabakwi at dislokasyon | 92,569 |
| Tortyur | 500 |
| Pananakit | 568 |
| Pagpamahug, pagpang-ipit, intimidasyon | 175,075 |

## Pagpaslang, bigong pagpaslang at tortyur

Hindi bababa sa 52 ang biktima ng pampulitikang pamamaslang sa buong bansa sa nagdaang pitong buwan. Mayorya sa mga kaso ay naitala sa kasagsagan ng mga operasyon ng mga sundalo at pulis sa mga komunidad ng mga magsasaka at katutubo. Apat sa mga kaso ng pagpatay ay masaker. Naitala ang mga pagpaslang sa Occidental Mindoro, Masbate, Sorsogon, Negros Occidental at Oriental, Samar, Bukidnon, Lanao del Sur, South Cotabato at Zambaonga Sibugay.



**Negros 19 masaker.** Pinakamalagim na krimen ng pagpatay ng mga pwersa ng estado sa nagdaang anim na buwan ang tinaguriang Negros 19 masaker. Noong Abril 19, minasaker ng 79th IB ang 19 na inidbidwal sa Barangay Salamanca, Toboso, Negros Occidental. Ang mga pinatay ay binubuo ng 10 Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Northern Negros (Roselyn Jean Pelle Command) at siyam na hindi armadong mga indibidwal.



Programa ng pagpaparangal sa Negros 19 noong Mayo 11, 2026 sa UP Diliman.

Ang mga nasawi ay sina R.J. Nichole Ledesma, mamamahayag ng Altermidya; Alyssa Alano, lider estudyante ng UP Diliman University Student Council (USC); Maureen Keil Santuyo, myembro ng National Network of Agrarian Reform Advocates-Youth; Errol Wendel, organisador ng Unyon ng mga Manggagawa sa Agrikultura; Lyle Prijoles, Pilipino-Amerikanong lider ng International Coalition for Human Rights in the Philippines; Kai Sorem, Pilipino-Amerikanong oranisador ng Anakbayan sa US; Roel Sabillo, kabataang magsasaka; at dalawang menor-de-edad (15 at 17 taong gulang) mula sa Toboso at Calatrava.

Kabilang sa mga napatay ang iskwad ng sampung Pulang mandirigma ng BHB-Northern Negros (Roselyn Jean Pelle Command) na sina: Roger Fabillar (Ka Tapang), na nagsilbing kumander ng BHB-Northern Negros; Maria Clarita Branzuel Blanco (Ka Sanim/Pat), instruktor sa pulitika; Rene Villarin Sr (Ka During), iskwad lider; Genevieve Balora (Ka Raia), kadre ng Partido sa distrito; Pedro Bonghanoy (Ka Regen), upisyal sa medikal; Sonny Boy Caramihan (Ka Nikki); Arnel Javoc (Ka JR); Joros

Caramihan (Ka Bunso); Labskie Purisimia Enustacion (Ka Judy); at Jocel Gimang (Ka John Paul).


National Fact-Finding and Solidarity Mission sa Toboso, Negros Occidental noong Mayo 14.

Noong Mayo, inilunsad ng mga demokratikong grupo ang isang National Fact-Finding and Solidarity Mission sa barangay kung saan nakalap ang karagdagang mga patunay sa paglabag ng 79th IB at AFP sa karapatang-tao at internasyunal na makataong batas. Napag-alaman rin sa misyon ang mga paglabag sa karapatang-tao ng mga residente tulad ng pananakot, pamimilit, iligal na detensyon, at pagpasok sa ng mga sundalo sa mga bahay-bahay. Hindi bababa sa 653 indibidwal mula sa komunidad mula Abril 19 hanggang Abril 22 ang sapilitang pinalikas ng 79th IB.

**Masaker sa mga Moro.** Pinagbabaril at pinatay ng pulis at militar ang 10 Moro na inaakusan nitong mga myembro ng Dawlah Islamiya–Maute Group sa Barangay Banga-Pantar, Marantao, Lanao del Sur noong Abril. Ayon sa kwento ng pulis, inihahain diumano nila, kasama ang militar, ang *warrant of arrest* laban kina Amerol Mangonraka at Benjie Amor Macabato noong Abril 17, nang magkaroon ng "mahabang putukan."

Pagkatapos ng pekeng putukan, tumambad ang patay na katawan ng dalawa, kasama ang kanilang mga asawa, at anim pang inakusahan ng militar na mga "mandirigma." Nakilala ang mga napatay na sina Nahara Khairiya S. Hamim, Jamail Ibrahim, Fahmi Aminodin, Sohaile Borud Bato, at Mohaimen Aragon. Isa sa kanila ay estudyante ng Mindanao State University sa Marawi City.



Mga "ebidensyang" nakumpiska ng pulis sa Barangay Banga-Pantar.

Ayon sa kwento ng mga kapitbahay, walang naganap na matagal na putukan sa  lugar, at sa sinasabing oras ng mga pulis at sundalo. Ayon sa mga nakakakilala sa mga biktima, ilan sa mga pinatay ay dati nang sumuko sa gubyerno. May ebidensya ring pinatay sila habang nakahiga at natutulog.

**Pagpatay sa isang pamilya sa Zamboanga City.** Pinatay ng 52 tauhan mula sa pinagsanib na armadong pwersa ng estado ang isang pamilya sa Alas-as Drive, Barangay Sinunuc, Zamboanga City noong April 23, ala-1 ng umaga sa idineklarang "legitimate police operation." Binuo ang naturang pwersa ng Joint Task Force (JTF), Regional Intelligence Division 9, Seaborne Unit, Sinunuc Police Station at Mindanao Area Police Intelligence Office.

Namatay sa insidente si Jerry Alfad, 52 anyos, isang barangay lupon, Salam Alfad, 12 anyos at si Rayyan Alfad, 22 anyos, pamangkin ni Salam. Sugatan naman si Mislie Aradais Alfad, 18 anyos, Sayra Alfad, 40 anyos at Saralyn Alfad, 23 anyos at isang SK Kagawad. Ayon sa mga kaanak, malinaw na binaril ang mga biktima habang nakahiga, batay sa dami at direksyon ng tama ng bala sa kama. Tadtad din ng bala ang buong bahay.

**Pagpatay sa mga kabataang Mangyan.** Tatlong kabataang Mangyan-Iraya ang naiulat na napatay sa pambobomba ng 203rd IBde sa Barangay Cabacao, Abra de Ilog, Occidental Mindoro noong Enero 1. Nasugatan rin sa pambobomba ang kanilang ina.



Protesta ng mga progresibong grupo para sa hustisya sa mga batang Mangyan-Iraya noong Enero.

Namatay rin sa araw na iyon ang kabataang mananaliksik na si Jerlyn Rose Doydora dahil sa sakit sa gitna ng matinding pambobomba ng militar. Si Doydora ay isa sa mga kabataan na nagpaabot ng hangarin na makapanayam ang mga katutubo at magsasaka sa Mindoro at ang mga

Pulang mandirigma ng BHB. Nais nilang alamin ang kongkretong kalagayan ng mga masa, ang dahilan ng armadong sigalot at ang tunay na solusyon para makamit ang kapayapaan. Pinangasiwaan ng NDF-Mindoro ang pagtanggap sa mga bisita sa Abra de Ilog bago ang bagong taon. Inilalayan sila ng mga katutubo at magsasaka sa lugar, at tinanggap ng yunit ng BHB.

Sa kasagsagan ng pambobomba at operasyong militar, nadakip ng mga sundalo ang Pilipino-Amerikanong aktibista na si Chantal Anicoche. Sa loob ng mahigit isang linggo, itinago siya ng militar at inilitaw na lamang noong Enero 8, matapos palabasing natagpuan sa kagubatan. Nanatili siya sa kustodiya ng militar bago pinabalik sa US noong Enero 29.


Nenita Buscada at mga anak.

**Namatay sa walang patumanggang pamamaril.** Brutal na pinaslang ng mga pasistang tropa ng 88th IB si Nenita Buscada, isang katutubong kababaihan, sa Barangay St. Peter, Malaybalay City, Bukidnon noong Hunyo 15.


Kasama ni Buscada ang kanyang asawa at dalawa pang sibilyan na patungong kagubatan para mangahoy at maghanap ng ikabubuhay nang bigla silang paulanan ng bala ng mga pasistang sundalo. Nangangahoy sila noon para may ipambili ng mga gamit pang-eskwela ng kanilang mga anak. Agad na napatay si Buscada habang nasugatan ang kanyang asawa. Palusot ng 88th IB, napagkamalan silang mga kasapi ng BHB kaya sila pinagbabaril.

Sa Sorsogon, pinatay ng 31st IB ang 24-anyos na manggagawa na si James Quinones sa Barangay Juan Adre, Donsol noong Marso 24. Naghahanap noon si Quinones ng bangka na bibyahe papunta sa sentrong bayan upang dumalo sa *moving up ceremony* ng kanyang anak na nasa *pre-kinder*. Una nang pumunta sa sentro ang kanyang asawa at anak.


James Quinones

Sa salaysay ng mga residente, narinig nila ang mga putok ng baril bandang alas-7 ng umaga, sa bahaging dalawang bundok ang layo mula sa kanilang baryo. Bumalik pa si Quinones sa kanilang bahay upang kamustahin ang kanyang pamilya. Muli syang nagpunta sa baybayin upang mag-abang ng bangka. Habang nasa tabing ilog siya ay muling umalingawngaw ang putok ng mga baril na nagmula sa pwesto ng isang grupo ng mga sundalo na naroon sa lugar. Dito natagpuan si Quinones na tadtad ng bala.

**Pagpatay sa sibilyang magsasaka.** Pinatay ng mga tauhan ng AFP ang babaeng lider-magsasakang si Warlita Jimenez, 55, sa Sityo Makilo, Barangay Camansi, Kabankalan City sa Negros Occidental noong Disyembre 23, 2025. Si Jimenez ay asawa ng isa ring lider-magsasaka na pinatay ng 15th IB noong Nobyembre 30, 2022. Ang asawa niyang si Joseph Jimenez ay sadyang pinatay ng militar matapos madakip, kasama si Ericson Acosta, konsultant ng NDFP para sa Negros Island.


Warlita Jimenez

Sa salaysay ng apo ni Warlita, bigla na lamang giniba ng dalawang nakabonet na armadong tao ang pintuan ng bahay ng kanyang lola noong alas-11 ng gabi sa araw na iyon. Pinasok ng mga ito ang kwarto ni Warlita at narinig na lamang nila ang apat na putok ng baril. Nang puntahan ng kanyang apo, wala nang buhay si Warlita.

**Pagpatay sa bata.** Pinasabugan ng M203 at pinagbabaril ng mga sundalo ng 46th IB ang dalawang batang magkapatid sa Sityo San Pedro, Barangay 3, San Jose de Buan, Samar noong Enero 3 ng hapon. Ang magkapatid ay naghahakot ng pambentang uling nang makasalubong ng tatlong sundalo at bigla na lamang silang pinaputukan.

Natamaan ng bala sa dibdib, kamay at paa ang nakababatang kapatid at naiwan sa lugar ng insidente. Hindi na nalaman ng pamilya ang kinahinatnan ng bata. Samantala, ang nakatatandang kapatid ay nakatakbo mula sa pamamaril. Batay sa kanyang kwento, para iligtas ang sarili ay kaagad siyang lumusong at pinilit na makatawid sa binabahang ilog.

**Pagpatay sa mga *hors de combat*.** Walang pakundangan ang AFP at rehimeng Marcos sa paglapastangan sa mga alituntunin ng digma. Naitala sa mga prubinsya ng Masbate, Negros Oriental at Occidental, at Samar ang mga pagpaslang sa *hors de combat*.


Reynalde Erecre

Sadyang pinatay ng 94th IB si Reynalde Erecre (Ka Amek), myembro ng Komite Sentral at kalihim ng Komiteng Rehiyon ng Partido sa Negros Island, noong Enero 30 sa Sityo Apitong, Barangay Bi-ao, Binalbagan, Negros Occidental. Natunton at buhay siyang nadakip ng mga sundalo noong alas-4 ng hapon sa araw na iyon.

Hindi kinilala ng mga sundalo ang kanyang katayuan bilang bihag sa digma sa ilalim ng batas sa digma, o kahit sa ilalim ng reaksyunaryong batas. Gumamit ng labis-labis na bala ang mga sundalo dahilan kung bakit hindi na makilala ang kanyang labi.

Sa Samar, hindi armado si Ka John Paul, 20 anyos, nang mabaril sa hita ng mga pasistang tropa habang nagluluto sa labas ng isang kubo sa Barangay Salvacion, Jiabong noong Abril 17. Bahagi siya ng yunit ng BHB na tumutulong sa masa na sinasalanta ng militarisasyon. Buhay pa siya nang dakpin ng kaaway at imposibleng makapanlaban.

Imbis na gamutin ang sugat, tinortyur siya upang pigaan ng impormasyon hinggil sa kinaroroonan ng mga kasama. Dahil walang makuha sa kanya, sadya siyang binaril sa dibdib na kanyang ikinamatay. Tinaniman siya ng ripleng M4 para palabasing armado nang paslangin.

Sa bayan ng Motiong, hindi rin armado sina Ka Mike at Ka Oking nang dakpin ng mga pasistang tropa noong Abril 23. Naglalakad lamang sila noon sa isang malawak na parang na pastuhan ng kalabaw. Magdamag silang pinahirapan ng mga pasista, at nang walang maibigay na impormasyon ay sadya silang pinaslang.

Nilamog ang mukha ng dalawa sa bugbog at tinadtad ng mga bala ang katawan. Kinabukasan, Abril 24, isinagawa ang dramang labanan, alas-9 ng umaga, sa Barangay Caulayanan. Nilagyan ng ripleng M14 ang kanilang mga bangkay.

Naitala naman ng Ang Bayan ang 28 biktima ng bigong pagpaslang. Sangkot sa mga kasong ito ang mga nag-ooperasyong yunit ng militar, na sa takot maunahan, ay walang patumanggang namamaril sa sinumang nakakasalubong sa gubat o daan. Hindi naman bababa sa 15 ang dumanas ng tortyur sa kamay ng mga sundalo at mga pulis.




**Pag-aresto, pagdukot, at pagbabanta, panggigipit, at intimidasyon**

Nakapagtala ang AB ng 19 kaso ng arbitraryong pag-aresto at detensyon kung saan hindi bababa sa 71 ang biktima. Naganap ang mga pag-aresto sa kasagsagan ng pagtatanggol ng mga magsasaka para sa kanilang lupa, paglaban ng mga maralita sa demolisyon at paggigiit ng mga sektor sa kanilang karapatan at kagalingan. Sinampahan ang mga biktima ng iba't ibang kasong kriminal para matagalang ibimbin sa kulungan. Kabilang sa karaniwang mga kaso na isinampa sa kanila ang *illegal possession of firearms and explosives*, pagpaslang at bigong pagpaslang, terorismo at "terrorism financing," at iligal na asembliya.

Ang iba sa kanila ay dumanas ng sadyang inantalang pagpuproseso ng mga papeles ng mga korte para hindi kaagad makalaya. Ang ilan pa, laluna sa mga nasa prubinsya, ay iligal na ikinukulong sa mga kampo militar nang walang utos ng korte at hindi pinahihintulutang mabisita ng pamilya.

**Pag-aresto sa mga nagbarikada kontra mina.** Pitong residente ng Dupax del Norte, Nueva Viscaya ang inaresto dahil sa kanilang pagtutol sa pagpasok ng *drilling equipment* ng Woggle Corporation sa kanilang barangay noong Enero 23. Halos 400 pulis mula sa Nueva Viscaya, katuwang ang mga tauhan mula sa Bureau of Fire Protection, ang dineploy para buwagin ang barikada ng mga residente.

Naglabas ng kautusan noong Enero 19 ang Regional Trial Court 30 ng Nueva Vizcaya na buwagin ang barikada at arestuhin lahat ng humarang o pumigil sa pagpapatupad ng kautusan. Sa mismong araw ng demolisyon, daan-daang residente, karamihan mga matatanda at kababaihan, at mga taong simbahan mula sa United Church of Christ in the Philippines at Episcopal Church in the Philippines, ang humarang sa daanan. Pumunta din sa barikada para magpahayag ng suporta ang mga myembro ng alternatibong midya, taong simbahan at grupong pangkalikasan.



Barikadang bayan kontra mina sa Dupax del Norte.
*Larawan ng Pinoy Weekly.*

Matapos ang insidente, hindi natakot ang mga residente at higit na nagkaisa para labanan ang pagpasok ng operasyong mina sa lugar.

**Pag-aresto sa mga magsasakang nagkampuhan.** Nilusob at marahas na binuwag ng mga tauhan ng Laguna Estates Development Corporation (LEDC), pag-aari ng pamilyang Yulo, ang kubol at kampuhan ng mga magsasaka sa Sityo Veinte-Veinte Cuatro, Barangay Casile, Cabuyao, La-

guna noong Pebrero 7. Tusong isinagawa ang pagbuwag sa kampuhan nang alas-11 ng gabi at dinakip ang 21 magsasaka, kabilang ang matatanda at mga maysakit. Kasama rin sa mga inaresto ang mga upisyal ng Samahan ng mga Magsasaka ng Casile-Pagkakaisa't Ugnayan ng mga Magbubukid sa Laguna (Samaca-Pumalag).


Kampuhan ng mga magsasaka ng Casile, Pebrero.

Hinarangan ng mga gwardya ng LEDC at Emirates Security Services ang mga lagusan sa barangay bago isinagawa ang pambubuwag. Nakita sa bidyo na naka-post sa Facebook ang pagpapaputok ng baril ng mga gwardya para sindakin ang mga magsasaka.

**Atake sa kabuhayan at tirahan.** Sa limitadong tala ng AB, hindi bababa sa 17,655 ang naging biktima ng mararahas na demolisyon sa mga kabahayan at kabuhayan sa nagdaang mga buwan. Naitala ang mga ito sa mga syudad ng Metro Manila, sa Nueva Viscaya, Zambales, Cavite, Laguna, Rizal, Occidental Mindoro, Aklan, Iloilo, Leyte, Bukidnon at Davao del Sur.

Marahas silang pinalayas sa kanilang mga tahanan at winasak ang kanilang kabuhayan. Di iilang residente ang inaresto ng mga pulis.

Sa Quezon City, pitong maralita at residente ng NIA Road sa Barangay Pinyahan ang inaresto noong Abril 9. Naganap ang insidente sa kasagsagan ng rali para depensahan ang kanilang mga bahay laban sa demolisyon. Isinagawa ng lokal na gubyerno ang demolisyon sa mga natitirang bahay at istruktura na tinukoy nitong delikado matapos ang magkakasunod na sunog. Ang totoo, pagbibigay-daan ito sa pagtatayo ng mahal na pampublikong "vertical housing."

Sa Taguig City, brutal na inatake at binuwag ng mga pulis at mga tauhan ng Monocrete Construction Company ang barikada ng mga residente ng Panday Creekside sa Barangay Palingon noong Abril 13. Tinatayang



Barikada kontra demolisyon sa Panday Creekside.

1,000-kataong *demolition team* ang sumugod sa komunidad, kasama ang halos 300 tauhan ng pulis at mga yunit ng SWAT.

Tumagal nang isang oras ang komprontasyon ng mga nagbarikada at pulis bago tuluyang napasok ang komunidad at nasimulan ang demolisyon, gamit ang 15 *backhoe* na dala ng *demolition team*. Gumamit ang mga pulis ng tirgas, naghagis ng mga bote, at nagpakat ng mga isnayper. Pitong residente, kabilang ang dalawang boluntir medik mula sa Anakbayan Taguig, ang inaresto. Sinampahan sila ng tigatlong kaso.

**Pag-aresto sa manggagawang-bukid.** Sa Negros Occidental, inaresto ng pinagsanib na pwersa ng pulis, mga espesyal na yunit nito at ng 79th IB ang isang organisador ng mga manggagawang-bukid at apat na iba pa noong Abril 22 ng gabi sa Talisay City. Inaresto sila sa bisa ng akusasyong sila ay mga Pulang mandirigma ng BHB na nakatakas sa naganap na madugong masaker sa Toboso noong Abril 19.

Ayon sa ulat ng lokal na midya, nagsilbi ng mandamyento de aresto ang mga pulis sa isang alyas "Glem" na kabilang sa lima para sa kasong tangkang pagpatay. Habang isinasagawa ang pag-aresto kay "Glem" ay sinasabing nakuha sa kanilang lima ang mga armas at pambasabog. Ang mga inaresto ay ipinakilala ng mga pulis bilang sina Glemmar Ruelis Bacusmo, Danny Boy Pacheco, Judy Caramihan, Julie Ann Balora, at Jerome Seballos. Si Balora ay myembro ng pambansang konseho ng Unyon ng Manggagawa sa Agrikultura at organisador para sa National Federation of Sugar Workers.


Pag-aresto sa limang indibidwal sa Talisay City, Abril 22.




**Ang kaso ng Cordillera 8.** Inaresto sa Tarlac City at Quezon City ng pinagsanib na mga operasyon ng PNP at AFP noong Marso 11 ang walong indibidwal kabilang ang konsultant ng NDFP para sa Cordillera na si Gabriel Kennedy Bangibang. Kabilang sa mga inaresto sina Dr. Ana Marie Rilloraza Leung, Marc Mendiola, Ranee Francella Tuazon, Renato Gines, Javar Sugao, Theresa Forag, at Bobby Calsiyao.

Ang mga biktima ay ipinailalim sa pisikal at berbal na pang-aabuso mula sa mga pulis. Pinaghahampas sila sa ulo, pinagsusuntok ang mukha at tiyan, at iningudngod sa sahig. Kumahaharap ang walo sa mga kasong pagpatay, tangkang pagpatay, *qualified trafficking* at *illegal possession of firearms and explosives*.

**Pag-aresto sa kabataang aktibista.** Inaresto ng 68th IB si Charlize Garzon o Ceeka noong Marso 29 sa Sityo Salafay, Barangay Monteclaro, San Jose, Occidental Mindoro. Pinararatangan ng militar si Garzon na myembro ng BHB na umano'y madakip sa naturang sityo matapos ang labanan ng 68th IB at BHB-Mindoro sa araw na iyon.


Charlize Garzon o Ceeka sa kanyang mga kaibigan.

Si Garzon ay isang pangkulturang aktibista na myembro ng Panday Sining-Malate. Nagtapos siya sa kursong AB Arts Management sa De La Salle College of Saint Benilde, iskolar ng St. Mutien Marie Wiaux at ginawaran ng karangalang Magna Cum Laude sa kanyang pagtatapos.

**Pag-aresto sa matatanda.** Dalawang beteranong babaeng manggagawang pangkaunlaran ang inaresto ng mga pulis sa Iloilo noong Abril 2. Inaresto sina Josephine Parra Porquia, 64, at Ma. Luisa Tagamolila Guillen, 62, sa kanilang tinutuluyang bahay sa Barangay Aganan, Pavia. Idinetine sila sa Pavia Municipal Police Station.

Si Porquia ay inaresto sa bisa ng mandamyento de aresto para sa kasong rebelyon na inilabas ng Regional Trial Court Branch 21 sa Mambusao, Capiz noong Hunyo 28, 2012. Itinakda ang ₱40,000 pyansa para sa naturang kaso. Habang inihahain ang mandamyento kay Porquia, iniulat ng mga pulis at militar na nadiskubre sa kanya ang mga kagamitan sa pagmamanupaktura ng mga pampasabog. Dahil dito, kumaharap siya sa karagdagang kaso ng paglabag sa Republic Act 9516 o batas kaugnay ng iligal na pagmamanupaktura, pagbebenta at pag-aari ng mga pampasabog. Samantala, inaresto si Guillen sa kasong *obstruction of justice* matapos umanong pigilan ang mga pulis at militar na isagawa ang naturang operasyon.

Nakalaya si Guillen noong Abril habang si Porquia ay nakalaya na rin nitong Hulyo matapos ibasura ng korte ang kinahaharap niyang kasong *illegal possession of explosives.* May nakabinbin pang kasong rebelyon laban kay Porquia.

**Gamit ang batas kontra-terorismo.** Nagpapatuloy ang paggamit ng rehimeng Marcos sa kambal na batas kontra-terorismo na Anti-Terrorism Act (ATA) at Terrorism Financing Prevention and Suppression Act (TFPSA) para ikulong at supilin ang lehitimong paglaban ng mamamayan. Isa sa pinakahuling biktima nito si Mike Cabangon, tagapagsalita ng Kilusang Mayo Uno (KMU)-Cordillera, na dinakip ng mga pulis noong Disyembre 27, 2025 sa Baguio City. Kumakaharap siya sa kasong "terorrism financing."

Sa pinakahuling ulat ng Karapatan, hindi bababa sa 256 na aktibista, lider-masa, at ordinaryong mamamayan ang naging biktima ng kambal na batas "kontra-terorismo." Ang 222 sa kanila ay sinampahan ng mga gawa-gawang kaso. Ang 138 sa mga ito ay ibinasura na ng mga korte dahil sa kawalan ng sapat na ebidensya at batayan sa konstitusyon.



Protesta sa Department of Justice kontra terror law, Hulyo 3, 2026.

Sa kasalukuyan, 25 sa kinasuhan ang nananatiling nakapiit. Kabilang

sa kanila ang mamamahayag na si Frenchie Mae Cumpio, mga manggagawang pangkaunlaran na sina Marielle Domequil at Emilio Gabales, at ang *church worker* na si Aldeem Yañez. Samantala, mula nang isabatas ang ATA, 37 na indibidwal ang arbitraryong idineklara ng pasistang Anti-Terrorism Council (ATC) bilang mga "terorista."

**Kalagayan ng mga bilanggong pulitikal.** Patuloy na lumulubha ang kalagayan ng mga bilanggong pulitikal sa bansa dahil sa napakaliit na badyet sa pagkain at gamot, pagkakait sa karapatang mabisita, at pagpataw ng mapanupil na mga patakaran sa mga bilangguan.



Protesta sa Department of Justice noong Disyembre 3, 2025.


Sa datos ng Karapatan noong Hunyo, mayroong 560 bilanggong pulitikal sa bansa kung saan 165 ang inaresto sa ilalim ng rehimeng Marcos. Sa bilang na ito, 103 ang kababaihan, 77 ang matatanda, at 73 ang maysakit. Mayroon ding apat na mga menor-de-edad. Kabilang sa mga nakakulong ang 10 konsultant at istap ng NDFP. Sadyang pinatatagal ng rehimeng Marcos ang kanilang detensyon sa pagsasampa ng patung-patong na mga kaso at mabagal na mga pagdinig.

Naitala naman ng AB sa nagdaang taon ang 27 biktima ng pagdukot. May mga kaso sa mga prubinsya ng Cavite, Masbate, sa Quezon City, Negros Occidental at Oriental, Nueva Viscaya, Northern Samar, Occidental Mindoro. Lahat ng mga biktima ng pagdukot ng rehimeng Marcos sa nagdaang mga buwan ay inilitaw sa tulak at paggigiit ng mga kaanak at grupo sa karapatang-tao.

Ang taktika ng pagdukot ay ginawa ng rehimen para sindakin ang mga indibidwal. Nang inilitaw, ang iba sa kanila ay diretsong sinampahan ng mga kasong kriminal, pinalabas na mga "sumurender," at sa pinakamalubha ay mga bangkay na nang ipinakita ng militar. Pinalabas silang napatay sa mga engkwentro.

Sa huling tala ng pambansang upisina ng Karapatan, mayroong 16 desaparesidos sa ilalim ng rehimeng Marcos. Dalawa sa mga desaparesidos ay dinukot noong 2022, walo noong 2023, apat noong 2024, at tig-isa noong 2025 at ngayong 2026.

Nakapagtala rin ang AB ng hindi bababa sa 2,026 biktima ng pagbabanta, panggigipit at intimidasyon. Higit na mas malaki ang bilang na ito kung isasali ang libu-libong ipinarada at sapilitang “pinasurender” ng militar bilang mga kasapi o tagasuporta ng BHB sa kalunsuran at kanayunan. Sa mga kaso ng "pagpapasurender," hindi iilan ang pagkakataon na ginamit ng militar ang pamamahagi ng ayuda para kuhanan ng litrato ang mga residente at sabihing "sumuko" sila.



**Lagim ng militar sa mga komunidad**

Sa imbing layunin na “durugin" ang hukbong bayan sa kanayunan, o kaya'y “pigilang makabalik,” sinasakop ng mga operasyong kombat ng AFP at PNP ang maraming komunidad sa kanayunan. Patuloy na nakapakat ang bata-batalyong pwersang militar at pulis sa maraming komunidad ng mga magbubukid at pambansang minorya kahit pa idineklara na nilang Stable Internal Peace and Security (SIPS) ang maraming bayan at prubinsya.

Naitala ng AB ang hindi bababa sa 2,181 biktima ng pwersahang pagpapalayas at dislokasyon. Libu-libong mga residente ang naapektuhan ng arbitraryong pagpapataw ng militar ng malulupit na blokeyo sa pagkain at ekonomya.

**Kalupitang militar sa Northern Samar.** Noong Hunyo, isiniwalat ng mga residente ng bayan ng Silvino Lobos sa Northern Samar ang dinaranas nilang pananalasa ng 19th IB sa kanilang komunidad.

Kabilang sa mga paglabag ng militar ang sikretong "tracking" o pagsubaybay sa mga magsasakang tumutungo at nagtatrabaho sa kanilang bukid. Inuutusan ng militar ang mga residente na magdala ng isang selpon nang hindi ipinapaalam kung para saan ito. Sa isang naitalang kaso, sikretong inilagay ng mga sundalo ang selpon sa bag ng magsasaka na binawi rin pag-uwi niya sa baryo.

Naitatala rin ang pambubulabog ng mga sundalo sa pangangatok sa mga bahay para "mag-imbistiga" hinggil sa presensya ng hukbong bayan sa kalagitnaan ng gabi. Mayroon ding mga kaso ang militar ng pagnanakaw ng tanim na gulay ng mga residente. Kinukuha nila ang mga tanim na langka, puso ng saging, talbos ng kamote, at papaya na sana ay pantawid-gutom ng mahihirap na magsasaka. Pasimuno rin sila ng mga anti-sosyal na gawain tulad ng sugal, sabong, inuman, at paglason at pangunguryente ng mga sapa. Lumalaganap rin ang mga kaso ng pambabastos at pang-aabusong sekswal sa mga bata at babae.

Sa bayan naman ng Las Navas, sapilitang pinasok at hinalughog ng mga sundalo ng 43rd IB noong Hunyo 9-10 ang maraming bahay sa Barangay Caputoan sa paghahanap ng isang 4-buwang sanggol na pinararatangang anak ng Pulang mandirigma.

Sa Northern Samar, laganap ngayon ang pagbabakod ng militar sa mga komunidad, pagpapa-*logbook* sa mga magsasaka, pagrerekisa sa mga suplay at katulad pang mga paghihipit.

**Pinsala ng US *war games*.** Maliban sa pampulitikang epekto at pagyurak sa soberanya ng Pilipinas, direktang naperwisyo ng mga *war games* ng US ang kabuhayan ng mga mangingisda, magsasaka at karaniwang

Pilipino. Makailang ulit na nagpataw ang rehimeng Marcos ng “no-sail zone” at pagbabawal na makapagsaka para bigyang daan ang mga *war games* at *live-fire exercises*. Ipinatupad ito sa mga prubinsya ng Batanes, Cagayan, Isabela, Ilocos Norte, Zambales, Palawan, at Iloilo.

Sa Zambales, ipinataw ng rehimen ang *fishing ban* sa maraming bayan noong Abril 20 hanggang Mayo 8 para sa Balikatan Exercises 2026. Pinagbawalang pumalaot ang mga mangingisda sa panahong sobrang sagana ng huling isda. Sa bayan lamang ng Subic, 4,840 na mga nakarehistrong mangingisda ang naapektuhan ng pagbabawal na pumalaot.

Pinangakuan sila ng lokal na gubyerno ng kumpensasyon ngunit maraming mangingisda ang hindi nakatanggap. Inireklamo rin nila ang naantalang pamamahagi ng katiting na kabayaran para sa mga araw na hindi sila nakapalaot.

Muling nagpatupad ng *fishing ban* sa 11 bayan ng prubinsya noong Mayo 28-30 para naman sa Bilateral Maritime Cooperative Activity sa West Philippine Sea.



Protesta ng mamamayan laban sa gerang agresyon ng US at war games sa Pilipinas.

Nagpatupad rin ng katulad na mga restriksyon sa mga bayan ng Camarines Sur para sa Exercise Kasangga 2026 noong Mayo hanggang Hunyo. Nagambala nito ang kabuhayan ng magsasaka at mangingisda sa mga bayan ng Pasacao, Balatan, San Fernando, Libmanan, at Ragay. Nagpataw ang rehimeng Marcos ng mga patakarang “no-sail zone,” tsekpoynt, at pangkalahatang paghihigpit sa pagkilos na naglimita sa kakayahan ng mga magsasaka na asikasuhin ang kanilang mga sakahan at sa mga mangingisda na pumalaot.

Sa Barangay Balogo sa Pasacao, iniulat na napilitang lumikas ang mga residente sa kanilang komunidad dahil sa mga *live-fire exercises*. Nawalan sila ng kita nang ilang araw dahil dito. Ligalig at istorbo sa mga residente ang dulot ng mga pagpapasabog at pagpapaputok sa mga baybayin at mataas na bahagi ng Pasacao. Pininsala din nito ang ekosistema sa dagat at mga pangitlugan ng isda sa karagatan ng prubinsya.

Sa Mindanao, isinasagawa ng US ang MAREX 2026 sa Maguindanao del Norte kasama ang Philippine Marine Corps at US Marine Rotational Force-Darwin (MRF-D). Tulad ng Salaknib, tutok nito ang tulad ng *jungle patrol* sa labas ng Camp Iranun at pagpapaputok ng artileri malapit sa matataong lugar sa Datu Blah Sinsuat at Barira. Kabi-kabilang paghihigpit rin ang ipinataw ng mga sundalo sa mga komunidad para sa *war games*.






Kontra-mamamayang mga *war games* ng US, Australia at mga alyado nito sa Pilipinas na nagsasapanganib sa mga Pilipino.




# Mga pakikibaka at paglaban


Sa gitna ng matinding krisis sa ekonomya at pampulitikang panunupil, kumikilos ang bayan para kamtin ang hustisya at ipaglaban ang kanilang mga karapatan. Iba't ibang anyo ng pagpapahayag at pakikibaka ang inilunsad ng mga grupo sa nagdaang taon upang bigyang boses ang mga biktima at kanilang mga pamilya.

Ipinamalas ng bayan ang pagkakaisa sa pamamagitan ng petisyon, mga porum, piket at protesta, mga *fact-finding mission*, barikadang bayan, kumprontasyon at pagtatanggol, pagbisita sa mga bilanggong pulitikal, pakikipag-negosasyon at welga, tigil-pasada, pagpapalayas sa mga kampo-militar, at iba pang malikhaing porma ng pagkilos.

Walang-humpay rin ang pagsisikap ng rebolusyonaryong kilusan sa pagkakamit ng hustisya para sa api at pinagsasamantalahang mamamayan. Patuloy ang sa paglulunsad nito ng mga armadong aksyon laban sa AFP, PNP, mga paramilitar, at mga aset paniktik at kontra-rebolusyonaryong elemento para bigyang hustisya ang kanilang mga biktima. Masusi at masinsin rin ang pagharap at pagsuri ng mga lokal na hukumang bayan sa iba't ibang mga kaso para magpataw ng hustisya.



EDSA@40: Protesta ng mamamayan kontra korapsyon, Pebrero 25, 2026


Paglaya ni Amanda Echanis noong Enero matapos ang limang taong pagkakakulong.



Itiinatag ang Justice for Negros 19 Network noong Hunyo 2026.


Kampanyang pagbisita sa mga bilanggong pulitikal.


Taktikal na opensiba at aksyong pamarusa ng Bagong Hukbong Bayan, alinsunod sa atas ng hukumang bayan.


Raling-iglap ng NDFP at mga alyadong grupo sa Maynila.